ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# MGA KAMALAYANG PANLIPUNANG NAPAPALOOB SA MGA HIMNO NG IKALIMANG DISTRITO NG LEYTE

**Marian P. Ayop, MAT[1], Lorelie J. Paloma, EdD[2]**
[1]*Teacher III, Javier National High School Javier, Leyte*
[2]*Southern Leyte State University*

**ABSTRACT**
*Layunin ng pag-aaral na ito ay masuri ang mga kamalayang panlipunang napapaloob sa mga himno ng iba't ibang bayan at lungsod na nabibilang sa Ikalimang Distrito ng Leyte. Ginamit ng mananaliksik ang disenyong kwalitatibong paraan sa anyong pagsusuring pangnilalaman o content analysis. Ang instrumentong ginamit sa pananaliksik ay pitong (7) himnong ginamit sa lungsod ng Baybay at sa bayan ng Javier, Abuyog, Mahaplag, Inopacan, Hilongos at Bato, Leyte. Natuklasan sa pagsusuri na ang mga kamalayang panlipunan sa mga himno ng Ikalimang Distrito ng Leyte ayon sa kalimitan sa paggamit nito ay sipag, pagsisikap at pagtitiis o pagpapasensiya, paggawa, pakikipagkapwa-tao, mahusay na pakikitungo at pakikipagsundo, kakayahang mabuhay, kalayaan at pagmamahal sa bayan, relihiyon, sariling disiplina, pamumuno, pagkukusa, pagpapanimula o pangunguna, pag-iwas o paglaban sa karahasan, malugod, magiliw at mabuting pagtanggap ng mga panauhin. Ang mga pinakatampok na kamalayang panlipunan sa mga himno ay ang mga kalayaan at pagmamahal sa bayan, pakikipagkapwa-tao, sariling-disiplina, sipag, pagsisikap at pagtitiis o pagpapasensiya, mahusay na pakikitungo at pakikipagsundo, paggawa, relihiyon, kakayahang mabuhay, at pagkatao. Isang Sanayang Papel (Learning Activity Sheet) na isang teacher-made na gawaing pampagkatuto ang nabuong awtput. Sa resulta ng pagsusuri ay nagpapahiwatig na mabisang paraan sa pagtamo ng kabatiran sa kamalayang panlipunang laganap sa isang bayan ay ang pagtuunan ng pansin ang mga orihinal at sariling literaturang namamayagpag dito dahil ito ay repleksyon ng kadakilaan at kultura ng isang bayan. Ang mga kamalayang panlipunan ay kinikilala ng lahat ng tao sa iba' ibang kultura at ito ay likas sa tao. Nasasalamin sa mga nasuring kamalayang panlipunan ang pagkakakilanlan ng bawat lungsod at bayan. Ang mga himno ay repleksiyon ng pinagmulan ng lahi na pinag-ugatan ng kasalukuyan. Iminungkahi na ang mga himno ng bayan ay gawing lunsaran sa pagtuturo sa mag-aaral, sa pamamagitan ng paglalapat sa lokalisasyon at kontekstuwalisasyon upang lubos na magamit at maunawaan ang nilalaman, mga pagpapahalagang napapaloob dito at kahalagahan ng himno ng bayan.*

***MGA SUSING SALITA:*** *Pagkukusa; Pakikipagkapwa-Tao; Relihiyon; Sariling-Disiplina; Sanayang Papel*

## 1.0 INTRODUKSIYON

Likas na kilala na mayaman sa sining, kultura, tradisyon at kabuhayan ang lalawigan ng Leyte. Tanyag din ang lalawigan sa mga makulay na *festival* at patimpalak, gayundin ng mga magigiliw na awitin. Ang lalawigan ng Leyte ay nahahati sa limang distrito, sa patuloy na pag-unlad ng panahon umuunlad din ang kulturang kinagisnan ng mga mamamayan ngunit nananatili pa rin ang mga pamanang kultura sa kabila ng modernisasyon. Ang Ikalimang Distrito ng Leyte ay binubuo ng isang lungsod at pitong bayan: Baybay City, Leyte; Javier, Leyte; Abuyog, Leyte; Mahaplag, Leyte; Inopacan, Leyte; Hindang, Leyte; Hilongos, Leyte; Bato, Leyte at Matalom, Leyte. Bawat lungsod at bayang sumasaklaw nito ay may kakaiba at mayamang pamanang kultural.

Ang pamanang kultura ay tumutukoy sa paggamit ng kontemporaryong lipunan sa nakaraan. Ito ay malaking tulong sa paghubog ng mga pambansang *stereotype* at pagkakakilanlang panrehiyon. Ito ay isang modernong repleksiyon ng nakaraan.

Inilahad ng UNESCO na ang pamanang kultura ay ang pamana ng mga pisikal na *artifact* at hindi nasasalat na mga katangian ng isang grupo ng lipunan na minana mula sa mga nakaraang henerasyon, na pinananatili sa kasalukuyan at pinapahalagahan para sa kapakinabangan ng mga susunod na henerasyon.

Ang mayamang pamanang kultura ay patunay kung gaano kakulay at kaganda ang lalawigan ng Leyte. Kalakip din sa pamanang kultura ang hindi nasasamat na pamana, katulad ng mga buhay na expresyon at mga tradisyon na minana ng hindi mabilang ng mga grupo at komunidad sa buong mundo mula sa kanilang mga ninuno sa pamamagitan ng pasalindilang paraan katulad ng mga katutubong awit at awiting-bayan. Ayon kay Sungahid (2020) ang mga katutubong awit ay naglalarawan sa mga katangian at kaugalian ng bawat tao. Ito ay repleksyon ng mayamang pamana ng lahi na nararapat na bigyang pansin at halaga sapagkat ito ay bahagi ng pagkatao at pagkakakilanlan.
Kilala rin sa nabanggit na lungsod at mga bayan na mahilig sa mga awitin, lalo na tuwing mayroong mga pagtitipon o pagdiriwang. Isa sa laganap na awitin sa probinsiya ay ang iba't ibang awiting-bayan. Ito ay nagsisilbing pagkakakilanlan at tatak ng isang lugar. Nagsisilbi itong daan sa pagkakaunawaan at pagkakaisa ng bawat mamamayan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Bawat lungsod at bayan ay may sariling mga awiting-bayan na laganap at umiiral. Isa na rito ay ang tinatawag na "himno". Ang himno o *hymn* ay isang awiting-bayan na naglalarawan ng pagkadakila at pagkakakilanlan ng isang lugar, partikular na sa bayang kinabibilangan. Ang awit na ito ay nagpapahayag ng pagmamahal, pagpapahalaga, at pagkakaugnay ng bawat mamamayan nito. Ito'y espesyal na awit na karaniwang kinakanta sa mga pampublikong okasyon, mga parada at tuwing *flag raising ceremony* na ginaganap sa lahat ng ahensiya ng munisipalidad bago simulan ang opisyal na oras ng pagtatrabaho, partikular na sa mga pampublikong paaralan. Inaawit at ipinagmamalaki rin ito sa mga pagtitipon at pagdiriwang. Hindi lamang ito ordinaryong awiting-bayan bagkus ito'y mayroong sinusunod na *Municipal Ordinance* sa bawat kinabibilangang munisipalidad na nagsasabatas nito.

Sa tuwing inaawit ang himno ng bayan napansin ng mananaliksik na hindi maayos ang pagkakaawit nito at tila hindi nauunawan ng mga mamamayan, partikular na sa mga mag-aaral, ang nilalaman ng himno. Ayon kay Dayuha (2023), anumang awiting pangkasaysayan ay nararapat na awitin nang wasto at maayos. Bilang isang mamamayan, nararapat na maunawaan ang napapaloob na kaisipan ng himno ng lungsod at bayan upang mapahalagahan ito at maisakatuparan ang layunin ng awitin. Naisisiwalat ang makulay na kulturang pinagmulan sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga akdang pampanitikan at nabubuksan ang kamalayan ng lahi.

Sa pag-aaral ng himno, ang kontekstuwalisasyon ay naglalayong hindi lamang ituro ang kahalagahan at kahulugan ng himno bilang simbolo, kundi pati na rin ang mga pangyayari at konteksto sa likod ng paglikha nito. Ito ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral upang lubos na maunawaan nila ang kahalagahan ng pagkakaroon ng himno at ang papel nito sa paghubog ng pagkakakilanlan. Ayon kay Navarro (2014), sa larangan ng edukasyon ay may tulak ang gamit ng musika upang isulong ang proyekto ng gobyerno tungo sa pagkakaroon ng isang diwa ng lipunang Filipino. Isa ang edukasyon sa pinakamabisang sandata sa pagpapalawig ng pagpapahalaga ng kultura ng bansa. Ayon pa rin kay Navarro (2014), ang edukasyon at ang kultura ay may mahalagang papel sa pagpapalaganap ng batayang pagbabago, lalong-lalo na sa lipunang Pilipino.

Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito makilala ang kamalayang panlipunang napapaloob sa mga himno ng bawat lungsod at bayan. Ang pag-aaral ding ito ay makatutulong upang maisakatuparan ng mga guro ng wika't panitikan ang hangarin ng K to 12 kurikulum na malinang ang mga panitikang Pilipino na maaaring gawing lunsaran sa pagtuturo. Ang kontekstuwalisasyon ay layuning isinusulong ng Matatag Kurikulum kurikulum upang malinang at mapagtibay ang panitikang Pilipino. Sa pamamagitan nito ay napapahalagahan ang lokal na kultura, tradisyon, at karanasan ng mga mag-aaral. Maituturo ang mga konsepto at kasanayan sa isang kapaligirang kilala at may kaugnay sa mga mag-aaral.

Bilang tugon sa kurikulum na ito, naniniwala ang mananaliksik na ang ginawang pag-aaral ay magsisilbing tugon upang maisakatuparan ang hangarin ng Matatag kurikulum hinggil sa paggamit ng mga lokal na literatura. Umaasa ang mananaliksik na ang mga kalipunan ng mga himno ng Ikalimang Distrito ng Leyte ay magagamit na lunsaran sa pagtuturo ng mga guro sa wika't panitikan. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masuri at mabatid ang mga kamalayang panlipunang napapaloob sa himno ng lungsod at mga bayan ng Ikalimang Distrito ng Leyte.

## 2.0 TEORITIKAL - KONSEPTUWAL NA BALANGKAS NG PAG-AARAL


Ang pananaliksik na ito ay nakasalig sa *Theory of Basic Values* ni Schwartz (2012), ukol sa mga pangunahing pagpapahalaga na kinikilala ng lahat ng tao sa iba't-ibang kultura at ang mga kamalayang panlipunan ay likas sa tao. May sampung pangunahing pagpapahalaga o kamalayan na kailangan ng tao: tagumpay, kawanggawa o kabaitan, pag-alinsunod o pagsang-ayon, hedonism, kapangyarihan, seguridad o kaligtasan, pagkakaroon ng direksyon sa buhay, pagbibigay-sigla o pagbibigay-buhay, tradisyon, at unibersalismo. Ang mga nabanggit na kamalayan ay ipinapalagay na kumakatawan sa tatlong unibersal na kailangan ng tao: ang biyolohikal na pangangailangan ng bawat indibidwal, ugnayang panlipunan, at ang kakayahan o kasanayan sa mga gawain at kaligtasan ng buhay. Nagbigay-daan ang mga nabanggit na mga unibersal na kailangan ng tao upang mabuo ni Schwartz ang teoryang ito (Nibalvos, 2018).

Kaugnay nito ginamit din sa pananaliksik ang klasipikasyon ng mga pagpapahalagang Pilipino ni Timbreza (2003). Inilahad nito ang iba't ibang anyong mababakas sa mga kamalayang ito: bilang isang pilosopiya sa buhay, personal na karangalan, ugnayang pantao, prinsipyo o tuntuning isinasabuhay, isinasagawa, iniisip, binibigyang-katuwiran, sinusuri, ginagawang batayan sa mga desisyon, at ikinikilos (Nibalvos 2019).

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Ang mga kamalayang ito ay itinuturing na unibersal at maaaring makita sa iba't ibang kultura at lahi ng tao. Mauunawaan lamang ang mga kamalayang ito ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagtuturo, malaking tulong ito upang makabuo sila ng mga wasto at angkop na desisyon sa tuwing sila'y hahamunin ng buhay (Nibalvos, 2018).

Ginamit naman ni Nibalvos (2018) sa kanyang pag-aaral ukol sa *Mga Pagpapahalagang Pilipino sa mga Piling Siday ng San Julian, Silangang Samar* ang mga piling siday gamit ang mga sumusunod na pagpapahalaga na nahahati sa dalawang uri, ang *Recurring Values:* pagmamahal sa bayan, pagpapahalaga sa kalikasan, pagkakaisa, kalayaan, paggawa, pagpapahalaga sa pamilya, paglingon sa nakaraan, pagiging mapagkakatiwalaan, pananampalataya, pagpapahalaga sa kababaihan, pagkamasunurin, pagtitiis o pagtitiyaga, pagtupad sa pangako, pagtanaw ng utang na loob, pagnananis na magkaroon ng isang masayang pamumuhay, pagsasaalang-alang sa kaligtasan ng iba, paggalang sa matatanda, pagkakaroon o pagtataglay ng mabuting asal, pagmamahal ng anak sa kanyang magulang. Pangalawa ay ang *Emerging Values* na napapaloob dito ang pakikinig sa payo, pagpapahalaga sa matanda, pagpapahalagsa sa kabataan.




Ipinahayag din ni Nibalvos sa kanyang pag-aaral na ang kultura ay patuloy na naisasalin sa iba't ibang mga henerasyon na siyang pinagmumulan ng mabubuting damdamin at kaisipan. Mahalaga na panatilihing buhay ito bilang pundasyon sa pag-abot ng mga hangarin sa buhay.

Kaakibat ng pag-aaral na ito ang Matatag Kurikulum sa Asignaturang Filipino (R.A. 10533), ang pagtuturo ng lokalisado at kontekstuwalisado sa lahat ng asignatura ay nakatutulong upang mahubog ang kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa mga bagay na nakikita sa kapaligirang kanilang ginagalawan.

Isinaad naman sa programa ng K to 12 kurikulum na nararapat na malinang ang pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral sa kanilang partikular na lugar upang maisakatuparan ang layuning kontekstuwalisasyon at lokalisasyon ng kurikulum.

Matukoy ang katuturan ng mga laganap na himno at ang pagkakakilanlan nito; daan ito upang maunawaan ang mga kamalayang panlipunang nakapaloob sa mga himnong kasangkot sa pag-aaral. Mula sa resulta ng pagsusuri, nabuo ng mananaliksik ang Sanayang Papel sa Filipino VII na isang *supplementary learning material* na magagamit sa pagtuturo ng panitikan.

## 3.0 METODOLOHIYA

Ginamit sa pananaliksik na ito ang kwalitatibong paraan ng pananaliksik sa anyong pagsusuring pangnilalaman *(content-analysis)* na kung saan tumutukoy ito sa paglalarawan o pagsusuri sa nilalaman ng teksto. Ayon kay Gheyle, et. al (2017) ito ay pagkakaroon ng kahulugang pangnilalaman. Ang pagsusuring pangnilalaman *(content analysis)* ay mabisang paraan sa pagsusuri ng mga panitikan tulad ng himno na madaling paraan sa pagsukat ng mga baryabol ng pag-aaral upang matukoy ang mga pagpapahalagang moral o kamalayang panlipunang napapaloob sa mga himnong kasangkot sa pag-aaral. Ang kalahok ng pananaliksik na ito ay mga piling mamamayan at eksperto sa larangan. Sampung (10) guro at sampung (10) mamamayan ng bawat lungsod at bayan na kalahok ng pananaliksik, na may kabuuang dalawampung (20) kalahok, inilahad ng mga kalahok ang kanilang sariling pag-unawa ukol sa mga napapaloob na mga kamalayang panlipunang umiiral sa himno ng lungsod o bayang kinabibilangan *(cross validation).* Sumailalim ang mga kalahok sa maikling panayam o *interview* at itinala ang sariling pag-unawa ukol sa mga kamalayang panlipunang napapaloob sa himno gamit ang inihandang talaan.

Kumuha rin ang mananaliksik ng mga piling eksperto sa larangan ng kultura partikular na sa *social science* at eksperto sa wika't panitikan, partikular na sa pagpapakadalubhasa sa Filipino na sumuri sa mga inilahad na kamalayang panlipunan ng mga mamamayan. Batay rito, ang mga eksperto rin ay nagkaroon ng pangkalahatang pagsusuri sa mga kamalayang panlipunang napapaloob sa mga himnong kasangkot ng pananaliksik. Gayundin, ang nabuong karagdagang kagamitang pampagtuturo o *supplementary learning material* ay sumailalim sa pagsusuri ng mga nabanggit na eksperto. Mula sa pitong ng bayan ng ikalimang distrito ng Leyte ang mga himnong sinuri. Mula sa lungsod n Baybay, sa bayan ng Abuyog, Javier, Mahaplag, Inopacan, Hilongos at Bato. Ang mga mananaliksik ay gumamit ng liriko ng himno ng bawat bayan na ibinahagi sa mga mamamayan.

Sa pagsusuri gumamit ang mga mananaliksik ng *grounded theory* nina Strauss at Corbin (1990) upang magkaroon ng kategorya ng mga *codes*. Tatlong *codes* ang ginamit ayon sa teoryang nabanggit. Ang unang hakbang ay ang *open coding* kung saan nangolekta ng datos ang mananaliksik, tulad ng mga transkripsyon mula sa mga panayam sa mamamayan. Mula rito ay hiniwalay ang mga datos na nakalap at gumawa ng mga *"code"* para lagyan ng label ang mga ito. Layunin nitong

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

ihambing ang mga katulad na kaganapan sa nalikom na datos. Sunod na hakbang ay ang *axial coding* kung saan naghanap ng koneksyon sa pagitan ng mga *code* at inayos ang mga nabuong *code* mula sa *open coding*. Mula rito ay naipangkat ang mga *code* at nakabuo ng kategorya batay sa umiiral na *code*. Ang panghuli ay ang *selective coding,* iniugnay ang mga kategorya nang magkasama sa isang pangunahing kategorya. Iniugnay ito sa mga kategoryang nabuo mula sa *qualitative data* sa nakaraang *coding cycle*. Ang pangunahing kategoryang nabuo ay maaaring magmula sa pagtaas ng isa sa mga kategorya mula sa naunang *coding* o maaaring isang bagong kategorya na makukuha batay sa iba pang kategorya.

## 4.0 PAGLALAHAD NG RESULTA

***Kamalayang Panlipunang Napapaloob sa Himno ng Javier, Leyte ayon sa Kalimitan sa Paggamit Nito***

Batay sa resulta ng pagsusuri, ang mga kamalayang panlipunan na napapaloob sa himno ng Javier, Leyte ay ang mga sumusunod: *relihiyon, sipag, pagsisikap, pagtitiis at pagpasensiya, mahusay na pakikitungo at pakikipagsundo, pakikipagkapwa-tao, paggawa at kalayaan at pagmamahal sa bayan*.

***Relihiyon***

Ang relihiyon ay ay tumutukoy sa pananalig sa Diyos at paniniwala na lahat ng biyaya ay nagmula sa kadakilaan ng Diyos. Sa himno ng Javier ay malinaw na inihahayag ang relihiyon kung saan naniniwala ang mga Javiernon na ang bayan ay nilikha ng Diyos, ito ay pinatunayan sa saknong 1.

*Usa nga lugar sa sinirangan han Leyte*
*Sugad hin Paraiso, ginmugna han Ginoo*
*Paglaum an dara han sidlit han adlaw*
*Bahandi han bungtuhanon*
*Garbo han Javiernon*

Ipinahayag sa saknong ang pagpapahalaga sa Diyos dahil ito ay pumapatungkol sa isang lugar na ginawa Niya at lahat ng kagandahang taglay ng Javier ay nagmula sa Diyos. Nangangahulugan itong ang Javier ay isang Paraiso na Nilikha ng Diyos na ipinagmamalaki ng mga Javiernon.

***Sipag, Pagsisikap, Pagtitiis o Pagpapasensiya, Mahusay na Pakikitungo at Pakikipagsundo at Pagkakaisa***

Ang himno ng Javier, Leyte ay nagpapakita ng kamalayang panlipunan na sipag, pagsisikap, pagtitiis o pagpapasensiya na nauukol sa kasipagan at pagsisikap, ito ang malaking puhunan ng isang tao. Mahusay na pakikitungo at pakikipagsundo na nangangahulugang sa kabila ng pagkakaiba-iba ng relihiyon, kultura't wika nagpapakita ng mahusay sa pakikitungo sa ibang tao, nagtataglay ng prinsipyo ng kapatiran at pagmamahal sa kapwa at pagkakaisa. Ito ay pinatunayan sa saknong 3, Taludtod 1 at 2.

*Gugma han katawhan, pagkaurusa ipadayon*
*Bahandi amomahon, mabuhay bungtohanon*

Nakasaad sa liriko na ang pagmamahal ng bawat isa at pagsisikap ay nararapat na ipagpatuloy at pairalin ng mga Javiernon. Nagpapahayag ito ng pagkakaisa ng mga tao upang matamo ang tagumpay. Ang lirikong "*Gugma han katawhan, pagkaurusa ipadayon"* ay nangangahulugan ng pagmamahal at pagkakaisa ng mga tao at mahusay na pakikitungo at pakikipagsundo ng bawat isa. Ang ibig sabihin ng *pagkaurusa* ay pagkakaisa na daan upang matamo ng Javier ang kaunlaran.

***Pakikipagkapwa-tao***

Ang pakikipagkapwa-tao ay nangangahulugang kamalayang panlipunang tumutukoy sa pagbibigay-halaga sa mga taong nakasasalamuha o nakapalibot sa atin. Dahil ang kapwa-tao ang nagbibigay kahulugan sa ating buhay. Sa himno ng Javier, malinaw na ipinahahayag ang pagbibigay halaga at pagmamahal ng bawat isa upang matamo ang kaunlaran ng bayan, ito ay nakasaad sa saknong 5 at saknong 3, taludtod 1.

*Tungod han grasya ug gugma han katawhan*
*Padayon, uswag Javier*
*Gugma han katawhan, pagkaurusa ipadayon*

Ipinahayag sa liriko ang pagmamahal sa kapwa ay daan upang umaseno ang isang bayan. Ang lirikong *"gugma han katawhan"* ay nagpapahiwatig ng pagmamahal sa kapwa o pakikipagkapwa-tao na daan sa pagkakaisa ng mamamayan na pinapairal ng mga Javiernon.

***Paggawa at Kalayaan at Pagmamahal sa Bayan***

Ang himno ng Javier, Leyte ay nagpapakita ng kamalayang panlipunan na paggawa kung saan nakaukol ito sa kabutihan, kaunlaran ng isang tao, kasaganaan, kaginhawaan, tagumpay na nagdudulot ng pagbabago. Ito ay nakasaad sa saknong 2.

*Oh, bungto han Javier*
*Pag-uswag natagamtaman*
*Tungod han grasya ug gugma han katawhan*
*Padayon, uswag Javier*

Ang *pag-uswag* ay nangangahulugang pag-unlad. Nakasaad dito na natamo ang pag-unlad ng bayan dahil sa pagkilos ng bawat mamamayan. Nagpapahayag ito ng pagmamahal sa bayan at dahil sa pagmamahal ng mga tao ay naging maunlad ang bayan ng Javier.

***Kalayaan at Pagmamahal sa Bayan***

Ito ay nangangahulugan naman ng pagbibigay halaga sa bayang sinilangan. Ito ay pinatunayan sa saknong 1, taludtod 4 at 5, saknong 2, taludtod 1 at 2 at saknong 3, taludtod 2 ng himno.

*Bahandi han bungtuhanon*
*Garbo han Javiernon*
*Oh, bungto han Javier*
*Pag-uswag natagamtaman*
*Bahandi amomahon, mabuhay bungtohanon*

Ang mga lirikong ito ng himno ay nagpapahayag ng pagmamahal sa lupang sinilangan na ipinagmamalaki ng mga taga-Javier. Ang salitang *garbo* ay nangangahulugang *pride* sa English. Nagpapahayag ang lirikong ito ng himno na ang pag-unlad na nararanasan ay dahil sa kalayaang natatamasa. Ang lirikong *bahandi amomahon* ay nangangahulugang pangangalaga sa mga biyaya ng lugar. Ang pangagalaga at pag-ingat sa biyayang ito ay nagpapahayag ng pagmamahal sa bayan.

Sa kabuuan, ipinahihiwatig sa himno ng Javier, Leyte ang pagpapakita ng pagkakaisa ng taga-Javier na nagdulot ng pag-unlad nito dahil sa pagmamahal at pag-aaruga ng mga mamamayan.

**Talahanayan 2:** Himno ng Abuyog, Leyte at mga Kamalayang Panlipunang Napapaloob sa Bawat Saknong ng Himno

| Himno | Mga Kamalayang Panlipunang Napapaloob sa Himno |
|---|---|
| "Bungto nga Hinigugma" | |
| Ikaw an usa nga lugar[1] | Kalayaan at pagmamahal sa bayan[1] |
| Mahusay ngan matam-is nga sinirangan[1] | Pagkatao[2] |
| Nga natawo sa Leyte, sa sinirangan[2] | |
| Amon bungto nga natawhan[2] | Kalayaan at pagmamahal sa bayan[1] |
| O, Abuyog, Leyte nga bungto[1] | Paggawa[3] |
| Lupad san kauswagan mo[3] | Kakayahang mabuhay[4] |
| Dugos, tam-is san kalipay ngan | |
| Gugma nga tunay[4] | |
| Sa bukad san Leyte ka tugdon ikaw[1] | Kalayaan at pagmamahal sa bayan[1] |
| Amon higugma-on sa imo mga kamot[1] | Pagkakaroon ng pag-asa[5] |
| Ada an amon paglaum[5] | Pakikipagkapwa-tao[6] |
| Bisan man ma diin ngatanan[6] | Malugod, magiliw at mabuting pagtanggap[7] |
| Nga oras minayuyo san | |
| kasing-kasing[6&7] | |
| | Paggawa[3] |
| Ngan sa imo an amon pagserbi[3] para | Pagkakaisa[8]; Sipag, pagsisikap[9] |
| San imo kauswagan dinhi[8,9&12] | Pagiging bukas tungo sa kaunlaran[10] |
| O, Abuyog, Leyte nga bungto | Mahusay na pakikitungo at pakikipagsundo[11]; |
| Lupad san kauswagan mo[10,11&12] | Pagtutulungan[12]; Paggawa[4] |
| Dugos, tam-is san kalipay ngan | |
| Gugma nga tunay[4] | Kalayaan ay pagmamahal sa bayan[1] |
| | Sariling disiplina[13] |
| Sa bukad san Leyte ka tugdon | |
| Ikaw amon higugma-on[1] | |
| Sa imo nga kamot ada an amon paglaum[13] | |
| O, Abuyog, Leyte bungto nga hinigugma[1] | |

**Kamalayang Panlipunang Napapaloob sa Himno ng Abuyog, Leyte ayon sa Kalimitan sa Paggamit Nito**

Batay sa resulta ng pagsusuri, ang mga sumusunod na kamalayang panlipunang napapaloob sa himno ng Abuyog, Leyte na nakabatay sa klasipikasyon ni Timbreza (Nibalvos, 2018) ay *Pagkatao, Kakayahang mabuhay, Paggawa, Kalayaan at pagmamahal sa bayan, Sipag, pagsisikap at pagtitiis o pagpapasensiya, Pakikipagkapwa-tao.* Samantala, may nasuring mga pagpapahalaga na hindi nakatala sa klasipikasyon, ito ay ang *Pagkakaroon ng pag-asa, Pagsulong tungo sa kaunlaran, at Pagkakaisa.*

***Pagkatao***

Ito ay ay nangangahulugan sa pagkakaroon ng malinis na pangalan, karangalan, kabutihang-asal, kagandahang loob, magandang kaugalian, kalinisang-puri, kabaitan, at pagiging mapagkakatiwalaan. Sa himno ng Abuyog, malinaw na inihahayag ang Pagkatao ng Abuyognon, ito ay matatagpuan sa saknong 1, taludtod 2 at 4 ng himno.

*Nga natawo sa Leyte, sa sinirangan*
*Amon bungto nga natawhan*

Nakasaad sa lirikong "*Nga natawo sa Leyte, sa sinirangan Amon bungto nga natawhan"* ang pinagmulan ng pagkatao ng mga taga-Abuyog kung saan dito sila isinilang. Sa pamamagitan ng lupang sinilangan nahubog ang pagkatao, nagkaroon ng pangalan at nahubog ang magandang kaugalian na ipinahayag sa saknong.

***Kakayahang Mabuhay***

Ito ay kamalayang panlipunang na tumutukoy sa pagpapaunlad ng pamumuhay at ipaglaban ang mga karapatan upang mabuhay at makaligtas sa hirap ng buhay. Ang himno ng Abuyog ay nagpapahayag ng kakayahang mabuhay ng bawat Abuyognon, nakasaad ito sa saknong 2 ng himno.

*Dugos, tam-is san kalipay ngan*
*Gugma nga tunay*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Nabanggit sa saknong ang salitang *"dugos, tam-is"* at *"gugma nga tunay"* na nagpapahiwatig sa taglay na *natural resources* ng Abuyog na siyang pinagkukunan ng hanapbuhay ng mga tao.

***Paggawa***

Ang kamalayang panlipunang ito ay nakaukol sa kabutihan, kaunlaran ng isang tao, kasaganaan, kaginhawaan, tagumpay na nagdudulot ng pagbabago. Ang himno ng Abuyog ay nagpapahayag ng Paggawa upang matamo ang kaunlaran ng bayan. Ito ay nakasaad sa saknong 4, Taludtod 1 at 2.

*Ngan sa imo an amon pagserbi para*
*San imo kauswagan dinhi*

Nakapaloob sa saknong na ito ang Paggawa dahil sa salitang "*kauswagan*" na nangangahulugang pag-unlad. Ipinahihiwatig ng liriko ng himnong ito ng kaunlaran ng tao, kasaganaan, kaginhawaan, tagumpay at kalagayan sa buhay ng mga Abuyognon. Ang paggawa ay nagbubukas ng oportunidad at nagdudulot ng pagbabago sa mga mamamayan gayundin sa bayan.

***Kalayaan at Pagmamahal sa Bayan***

Ito ay nangangahulugan ito ng pagbibigay halaga at pagmamahal sa bayang sinilangan. Ang himno ng Abuyog ay nagsasaad ng lubos na pagmamahal sa bayang pinagmulan. Ito ay pinatunayan sa saknong 5, Taludtod 1, 2, at 4 ng himno.

*Sa bukad san Leyte ka tugdon*
*Ikaw amon higugma-on*
*O, Abuyog, Leyte bungto nga hinigugma*

Ipinapakita sa ikalimang saknong ang lubos na pagmamahal ng mga Abuyognon sa bayan patunay ang salitang ipinahayag na *"Ikaw amon higugmaon*". Kapag tayo ay umiibig, lahat ay nagagawa kahit ibuwis pa ang buhay.

***Sipag, Pagsisikap at Pagtitiis o Pagpapasensiya at Pagkakaisa***

Ang himno ng Abuyog, Leyte ay nagpapakita ng kamalayang panlipunan na Sipag, pagsisikap, pagtitiis o pagpapasensiya na kung saan nauukol ito sa kasipagan at pagsisikap na malaking puhunan ng isang tao at Pagkakaisa. Ito ay pinatunayan sa saknong 4 ng himno.

*Ngan sa imo an amon pagserbi para*
*San imo kauswagan dinhi*
*O, Abuyog, Leyte nga bungto*
*Lupad san kauswagan mo*
*Dugos, tam-is san kalipay ngan*
*Gugma nga tunay*

Ipinahahayag sa saknong na ito ang pagkakaisa dahil sa lirikong "*amon pagserbi"* bawat mamamayan ay nagkakaisa upang matamo ang kaunalaran ng bayan. Ipinapahiwatig ng ika-apat na saknong na ang mga tao ay nagsisipag at nagsama-samang gumawa tungo sa ikauunlad ng lugar. Kaugnay nito nagkaroon ng mga oportunidad tungo sa pagbabago na bunga ng pagsisikap ay naghatid ng kaunlaran.

***Pakikipagkapwa-tao***

Ito ay kamalayang panlipunang tumutukoy sa pagbibigay-halaga sa mga taong nakakasalamuha o nakapalibot sa atin. Dahil ang kapwa-tao ang nagbibigay kahulugan sa ating buhay. Sa himno ng Abuyog ay malinaw na ipinahahayag ang pagbibigay halaga at pagmamahal ng kapwa, ito ay nakasaad sa saknong 3, taludtod 3 at 4.

*Bisan man madiin ngatanan*
*Nga oras minayuyo san kasing-kasing*

Ang lirikong ito ay patunay na kahit saan man magpunta ang Pakikipagkapwa-tao ng mga Abuyognon ay hindi mawawala. Sa kabuuan, ipinahihiwatig sa himno ang pagmamahal sa bayan tungo sa kaunlaran at kahit saan man makarating babalik pa rin sa lupang sinilangan na puno ng masaya, matamis at magandang kaugalian.

Batay sa resulta ng pagsusuri, anim na kamalayang panlipunan na nakabatay sa klasipikasyon ni Timbreza ang nakapaloob sa himno ng Abuyog, Leyte, ito ay ang mga sumusunod: *Pagkatao, Kakayahang mabuhay, Paggawa, Kalayaan at pagmamahal sa bayan, Sipag, pagsisikap at pagtitiis o pagpapasensiya, Pakikipagkapwa-tao*. Samantala, may nasuring mga kamalayang panlipunan na hindi nakatala sa klasipikasyon, ito ay ang *Pagsulong tungo sa kaunlaran, Pagkakaisa* at *Pagtutulungan*. Idinagdag naman ng tagasuri o eksperto ang dalawa pang kamalayang panlipunan na napapaloob sa himno ito ay ang *Malugod, magiliw at mabuting pagtanggap sa mga panauhin* na matatagpuan sa ikatlong saknong at ang *Mahusay na pakikitungo at pakikipagsundo* na masusuri naman sa ika-apat na saknong ng himno. Idinagdag din ng tagasuri o eksperto ang dalawa pang kamalayang panlipunan na nasuri sa himno na hindi nakatala sa klasipikasyon ni Timbreza, ito ay ang *Pagkakaroon ng pag-asa* na matatagpuan sa ikatlong saknong at *Pagiging bukas tungo sa kaunlaran* na masusuri naman sa ika-apat na saknong ng himno. Ang nasuring kamalayang panlipunan na ukol sa *Pagiging bukas tungo sa kaunlaran* ay parehong nasuri ng kalahok at tagasuri.

**Talahanayan 3: Himno ng Mahaplag, Leyte at mga Kamalayang Panlipunang Napapaloob sa Bawat Saknong ng Himno**.

| Himno | Mga Kamalayang Panlipunang Napapaloob sa Himno |
|---|---|
| "Yuta'ng Gimahal" | |
| Pinangga kong Lungsod[1] | Kalayaan at pagmamahal sa bayan[1] |
| Hinagwa sa Mt. Nacolod[1] | |
| Gitadlas sa Layog[1] | |
| Sa kinabuhi gitugob[2] | Pagkatao[2] |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

| | |
|---|---|
| Balod sa panganod | |
| Muhawok sa imong yuta | |
| Sa pagpahinumdom[2] | Relihiyon[2] |
| Nga sa langit ka pinangga[2] | |
| Mahaplag, Leyte, oh, Mahaplag[1] | Kalayaan at pagmamahal sa bayan[1] |
| Matahom ang kinaiyahan[3] | Sariling disiplina[3] |
| Bahandi mo ampingan[4] | Respeto sa nakaraan/pamana[4] |
| Kabilin sa kaliwatan[4] | |
| Sa pag-ugmad ug pag-amoma[5,6&7] | Pakikipagkapwa-tao[5]; Sipag, pagsisikap[6]; Pagkakaisa[7] |
| Magtinabangay, maghiusa[5,6&7] | Kakayahang mabuhay[8] |
| Tingusbawan sa mga lumulupyo[8] | Pag-iwas o paglaban sa karahasan[9] |
| Kalipay'g kalinaw sa pagpuyo[9] | |
| | Pamilya[10] |
| Madasigong banay[10] | Sipag at pagsisikap[11] |
| Sa kakugi sanglitanan[11] | Pagkatao[2] |
| Ligdong mangalagad[2] | |
| Sa kaayo'g kaangayan[2] | |
| | Kalayaan at pagmamahal sa bayan[1] |
| Mangindahay ako'ng | |
| Mapasidunggan ka | |
| Bulawanong saad | |
| Alang sa yuta'ng gimahal[1] | |
| | Kalayaan at pagmamahal sa bayan[1] |
| Mahaplag, Leyte, oh, Mahaplag[1] | Sariling disiplina[3] |
| Matahom ang kinaiyahan[3] | Relihiyon[2] |
| Bahandi mo ampingan[2] | Respeto sa nakaraan/pamana[12] |
| Kabilin sa kaliwatan[12] | |
| | Pakikipagkapwa-tao[5]; Sipag, pagsisikap[6]; Pagkakaisa[7] |
| Sa pag-ugmad ug pag-amoma[5] | Kakayahang mabuhay[8] |
| Magtinabangay, maghiusa[7] | Pag-iwas o paglaban sa karahasan[9] |
| Tingusbawan sa mga lumulupyo[8] | |
| Kalipay'g kalinaw sa pagpuyo[9] | Pag-iwas o paglaban sa karahasan[9] |
| Kalipay'g kalinaw sa pagpayo[9] | |

**Kamalayang Panlipunang Napapaloob sa Himno ng Mahaplag, Leyte Ayon sa Kalimitan sa Paggamit Nito**

Batay sa resulta ng pagsusuri, ang mga sumusunod na pagpapahalaga ang napapaloob sa himno ng Mahaplag, Leyte na nakabatay sa klasipikasyon ni Timbreza (Nibalvos, 2018) *Relihiyon, Kalayaan at pagmamahal sa bayan, Sariling disiplina, Pakikipagkapwa-tao, Pagkatao, Pag-iwas o paglaban sa karahasan, Pamilya at Sipag, pagsisikap at pagtitiis o pagpapasensiya.*

***Relihiyon***

Ito ay tumutukoy sa pananalig sa Diyos at paniniwala na lahat ng biyaya ay nagmula sa kadakilaan ng Diyos. Sa himno ng Mahaplag, inihahayag ang relihiyon kung saan naniniwala ang mga taga-Mahaplag na ang bayan ay nilikha ng Diyos, ito ay matatagpuan sa saknong 2 ng himno.

*Balod sa panganod*
*Muhawok sa imong yuta*
*Sa pagpahinumdom*
*Nga sa langit ka pinangga*

Isinasaad sa saknong na ito ng himno ang pagmamahal ng Diyos at ang lahat ng nakikita sa bayan ay biyayang nagmula sa Kanya. Isinasaad din na may relihiyong tinitingala ang mga mamamayan.

***Kalayaan at Pagmamahal sa Bayan at Sariling Disiplina***

Ang himno ng Mahaplag, Leyte ay nagpapakita ng kamalayang panlipunan na Kalayaan at pagmamahal sa bayan na tumutukoy sa pagbibigay halaga at pagmamahal sa bayang sinilangan na kung saan ang himno ay nagsasaad ng lubos na pagmamahal sa bayang sinilangan. Sariling disiplina na tumutukoy sa pagsunod o pamumuhay batay sa pamantayang panlipunan o tamang pag-uugaling moral at regulasyon upang magkaroon ng payapang buhay. Nakasaad ang mga kamalayang ito sa saknong 3 at saknong 6, Taludtod 4 ng himno.

*Mahaplag, Leyte, oh, Mahaplag*
*Matahom ang kinaiyahan*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

*Bahandi mo ampingan*
*Kabilin sa kaliwatan*
*Alang sa yuta'ng gimahal*

Ipinapahiwatig dito na mayroong kalayaan at pagmamahal sa bayan ng Mahaplag. Ang lahat ay inaaalay sa bayan. Ipinapahayag din saknong na ito na nararapat na pairalin ang sariling disiplina at pakaingatan ang mga bagay na ipinamana. Dapat mayroong disiplina sa komunidad gayundin ang katauhan upang maging mapayapa ang bayan.

***Pakikipagkapwa-tao at Pagkakaisa***

Ang himno ng Mahaplag, Leyte ay nagpapakita ng kamalayang panlipunan na Pakikipagkapwa-tao na tumutukoy sa pagbibigay-halaga sa mga taong nakakasalamuha o nakapalibot sa atin. Dahil ang kapwa-tao ang nagbibigay kahulugan sa ating buhay at Pagkakaisa na pundasyon ng pagkakaroon ng maunlad na bayan. Sa himno ng Mahaplag ay malinaw na ipinahahayag ang pagbibigay halaga at pagmamahal ng kapwa, ito ay nakasaad sa saknong 4, taludtod 1 at 2.

*Sa pag-ugmad ug pag-amoma*
*Magtinabangay, maghiusa*

Ipinapahiwatig ng taludtod ng himnong ito ang pagkakaisa ng bawat mamamayan at pagtulong sa kapwa tao para mapanatili ang magandang ugnayang at samahan at matamo ang kasaganaan at kaunlaran.

***Pag-iwas o Paglaban sa Karahasan***

Ito ay tumutukoy sa pagkakaroon ng kapayapaan at pagmamahal sa kapwa. Ang karahasan at di-pagkakaunawaan ay magdudulot lamang ng pagkapoot at pagtatanim ng masamang kalooban sa isa't-isa. Malinaw na nakasaad sa himno ng Mahaplag ang kamalayang ito na makikita sa saknong 4, Taludtod 3 at 4 ng himno.

*Tingusbawan sa mga lumulupyo*
*Kalipay'g kalinaw sa pagpayo*

Nakasaad sa taludtod na ito ang kagustuhan na magkaroon ng mapayapa at masayang pamumuhay ng mga mamamayan.

***Pamilya at Sipag, Pagsisikap, at Pagtitiis o Pagpapasensiya***

Ang himno ng Mahaplag, Leyte ay nagsasaad ng kamalayang panlipunang ukol sa Pamilya na bahagi na ng kultura ng mga Pilipino. Ang tagumpay ng pamilya ay sukatan sa tagumpay ng bawat Pilipino. Ang kamalayang panlipunan na Sipag, pagsisikap, at pagtitiis o pagpapasensiya naman ay nauukol ito sa kasipagan at pagsisikap na malaking puhunan ng isang tao. Ang mga kamalayang panlipunang ito ay nakasaad sa saknong 5 ng himno.

*Madasigong banay*
*Sa kakugi sanglitanan*
*Ligdong mangalagad*
*Sa kaayo'g kaangayan*

Ang salitang "*banay"* ay nangangahulugang *pamilya,* ipinapahayag sa saknong ang matibay na samahan ng pamilya at pagiging masipag. Ipinapakita sa saknong ang pagsisikap ng bawat isa na may pagtitiis at pagtitiyaga. Nararapat na taglayin ang katangiang ito para sa ikauunlad ng lugar.

Sa kabuuan, ang himno ng Mahaplag, Leyte ay puno ng pagmamahal sa bayan na may respeto at pagmamahal sa Diyos. Ipinapakita ng mga mamamayan ang pagkakaisa para sa kapayapaan at kaunlaran ng bayan.

Batay sa resulta ng pagsusuri, walong kamalayang panlipunan na nakabatay sa klasipikasyon ni Timbreza ang nakapaloob sa himno ng Mahaplag, Leyte. Ito ay ang *Relihiyon, Kalayaan at pagmamahal sa bayan, Sariling disiplina, Pakikipagkapwa-tao, Pagkatao, Pag-iwas o paglaban sa karahasan, Pamilya at Sipag, pagsisikap at pagtitiis o pagpapasensiya*. Idinagdag naman ng tagasuri ang isa pang kamalayang panlipunan na napapaloob sa himno ito ay ang *Kakayahang mabuhay* na matatagpuan sa ika-apat at ika-walong saknong at may nasuri rin na karagdagang kamalayang panlipunan na hindi nakatala sa klasipikasyon ni Timbreza (Nibalvos, 2018) ito ay ang *Respeto sa nakaraan/pamana* na nasuri sa ika-walong saknong ng himno.

**Talahanayan 4: Himno ng Baybay City, Leyte at mga Kamalayang Panlipunang Napapaloob sa Bawat Saknong ng Himno**

| Himno | Mga Kamalayang Panlipunang Napapaloob sa Himno |
|---|---|
| "Mabuhi ang Baybay" | |
| I. Namidpid sa kadagatan ang Baybay | Kakayahang mabuhay[1] |
| Gui-landongan sa daghang mga kakahoyan[1] | Sipag, pagsisikap at pagtitiis o pagpapasensiya[2] |
| Ang silaw sa sayong kabuntagon | Pagkakaisa[3] |
| May paglaum nga kita magmauswagon[2,3&4] | Pagpapakita ng pag-asa[4] |
| II. Ang mga kabukiran | |
| Nagdalag kabugnaw sa atong dakbayan | Pakikipagkapwa-tao[5] |
| Ang kasadpan bulawanong naga awhag | Sipag, pagsisikap at pagtitiis o pagpapasensiya[2] |
| Sa hugot natong pagtinabangay[5,2,6] | Paggawa[6] |
| CHORUS: | |
| Kalihukan gipa-abot sa dakbayan | Pagbibigay halaga sa kabataan[7] |

| | |
|---|---|
| Labi na sa mga kabataan[7] | Pagkakaisa[3], Pakikipagkapwa-tao[5] |
| Kitang tanan maghi-usa[3,5&8] | Mahusay na pakikitungo o pakikipagsundo[8] |
| Pag-alagad sa katawhan[9] | Sariling disiplina[9] |
| | |
| III. Maghi-usa kitang tanan[3] | Pagkakaisa[3] |
| Pag-atiman sa kinaiyahan[9] | Sariling disiplina[9], |
| Mag-alaayon ug pananom[10] | Pagkamakalikasan[10] |
| Pagpalambo sa kanayonan[11&12] | Pamumuno, pagkukusa, pagpapanimula[11]; |
| (REPEAT CHORUS) | Pakikipagkapwa-tao[12] |
| | |
| IV. Pasidunggan ta ang dakbayan sa Baybay[13] | Kalayaan at pagmamahal sa bayan[13] |
| Kalinaw ug kalambuan sa tanan[14] | |
| Manunubos nag-abay kanato[15] | Pagiwas o paglaban sa karahasan1[4] |
| Mabuhi ang Baybay[13] | Relihiyon[15] |
| Manunubos nag-abay kanato | Kalayaan at pagmamahal sa bayan[13] |
| Mabuhi ang Baybay[13] | |

**Kamalayang Panlipunang Napapaloob sa Himno ng Baybay City, Leyte Ayon sa Kalimitan sa Paggamit Nito**

Batay sa resulta ng pagsusuri, ang mga sumusunod na kamalayang panlipunan na napapaloob sa himno ng Baybay City, Leyte na nakabatay sa klasipikasyon ni Timbreza (Nibalvos, 2018) *Sipag, pagsisikap at pagtitiis o pagpapasensiya, Paggawa, Pakikipagkapwa-tao, Mahusay na pakikitungo at pakikipagsundo, Kakayahang mabuhay, Kalayaan at pagmamahal sa bayan at Relihiyon*. Samantala, may nasuring mga kamalayang panlipunan na hindi nakatala sa klasipikasyon, ito ay ang *Pagkakaisa at Pagtutulungan*.

***Sipag, Pagsisiskap at Pagtitiis o Pagpapasensiya at Pagkakaisa***

Ang himno ng Baybay City, Leyte ay nagsasaad ng kamalayang panlipunan na Sipag, pagsisikap at pagtitiis o pagpapasensiya na nauukol sa kasipagan at pagsisikap na malaking puhunan ng isang tao. Pagkakaisa na pundasyon upang matamo ang kaunlaran at mithiin ng bayan. Ang mga kamalayang panlipunang ito ay nakasaad sa saknong 1, 4 taludtod 4 at saknong 2, taludtod 4 ng himno.

*May paglaum nga kita magmauswagon*
*Sa hugot natong pagtibangay*

Isinasaad ng mga taludtod na ito ang pagkamit ng *"kauswagan"* o kaunlaran sa pamamagitan ng kasipagan, pagsisikap, pagtutulungan at pagkakaisa ng bawat mamamayan. Ang mga kamalayang ito ang pundasyon o puhunan ng mga mamamayan ng Baybay para matamo ang kaunlaran at magkaroon ng masaganang buhay na magdudulot ng positibong epekto hindi lamang sa mamamayan gayudin ng lungsod ng Baybay.

***Paggawa*** - ang kamalayang panlipunang ito ay nakaukol sa kabutihan, kaunlaran ng isang tao, kasaganaan, kaginhawaan, tagumpay na nagdudulot ng pagbabago. Ang himno ng Baybay ay nagpapahayag ng kamalayang Paggawa na daan para matamo ang kaunlaran ng lungsod. Ito ay nakasaad sa chorus, taludtod 1 at 2 ng himno.

*Kalihukan gipa-abot sa dakbayan*
*Labi na sa mga kabataan*

Nakasaad dito ang oportunidad sa pagkilos o mga gawain na daan sa pagbabago lalo na sa mga kabataan ng lungsod. Ang salitang *"kalihukan"* ay nangangahulugang mga gawain o kilos, nararapat na ang mamamayan ng Baybay ay kumilos para sa ikagaganda, kasaganaan at ika-uunlad ng lungsod.

***Serbisyo***

Ang kamalayang panlipunang ito ay tumutukoy sa pagsilbi o pagbibigay serbisyo sa mamamayan. Malinaw na inihahayag sa himno ng Baybay ang kamalayang ito na nakasaad sa chorus, Taludtod 4 ng himno.

*Pag-alagad sa kataw-han*

Ang salitang *"pag-alagad"* ay nangangahulugang pagbibigay ng serbisyo. Nagsasaad ang taludtod na ito ng paglalaan ng panahon at lakas sa mga mamamayan o pagserbisyo sa lungsod ng Baybay.

***Pakikipagkapwa-tao at Mahusay na Pakikitungo o Pakikipagsundo***

Ang himno ng Baybay City, Leyte ay nagsasaad ng kamalayang panlipunan na Pakikipagkapwa-tao na tumutukoy sa pagbibigay-halaga sa mga taong nakakasalamuha ng mga mamamayan ng lungsod. Mahusay na pakikitungo o pakikipagsundo na nauukol sa maayos na pakikitungo ng bawat mamamayan ng lungsod sa kabila ng pagkakaiba-iba ng relihiyon, kultura't wika na nagtataglay ng prinsipyo ng kapatiran at pagmamahal sa kapwa. Ang mga kamalayang ito ay pinatunayan sa chorus, taludtod 3 at saknong 4, taludtod 4 ng himno.

*Kitang tanan maghi-usa*
*Pagpalambo sa kanayonan*

Nagsasaad ito ng paghihikayat sa mga tao para magkaisa at pagsunod sa mga alituntunin ng bayan. Kapag mayroon kang pagpapahalaga sa kapwa matatamo ang *"maghi-usa"* o pagkakaisa na matamo ang magandang layunin. Magiging posible lamang ang *"maghi-usa"* o pagkakaisa kapag mayroong mahusay na ugnayan o pakikitungo at pakikipagsundo ang bawat mamamayan, ito ay mensaheng nais iparating ng himno sa mga Baybayanon upang makamit ang progresibong bayan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

***Kakayahang Mabuhay***

Ang kamalayang panlipunang ito ay tumutukoy sa pagpapaunlad ng pamumuhay at ipaglaban ang mga karapatan upang mabuhay at makaligtas sa hirap ng buhay. Ang himno ng Baybay ay nagsasaad ng kamalayang ito na makikita sa saknong 4, taludtod 2 at 3 ng himno.

*Pag-atiman sa kina-iyahan*
*Mag-alayon ug pananom*

Ipinahihiwatig sa taludtod na ang Baybay ay may kakayahang mabuhay dahil sa likas na yaman nito. Mabubuhay ang mamamayan ng Baybay kung may tiyaga at sipag sa pag-aalaga ng likas na yaman. Nagbibigay din ito ng motibasyon ng tao na mabuhay.

***Kalayaan at Pagmamahal sa Bayan***

Tumutukoy ang kamalayang ito sa pagbibigay halaga at pagmamahal sa bayang sinilangan na kung saan ang himno ng Baybay ay nagsasaad ng lubos na pagmamahal sa bayang sinilangan. Pinatunayan ito sa saknong 5, taludtod 1,2,4 at 6 ng himno.

*Pasidunggan ta ang dakbayan sa Baybay*
*Kalinaw ug kalambuan sa tanan*
*Mabuhi ang Baybay*

Ipinahahayag ng saknong na ito ang pagmamahal, pagpapahalaga at pagmamalaki sa lungsod ng Baybay. Sa pamamagitan ng pagkakaisa ng mga mamamayan ay matatamo ang kapayapaan at kaunlaran ng lungsod na mithiin ng nito.

***Relihiyon***

Ang kamalayang ito ay tumutukoy sa pananalig sa Diyos at paniniwala na lahat ng biyaya ay nagmula sa kadakilaan ng Diyos. Sa himno ng Baybay, inihahayag ang Relihiyon kung saan naniniwala ang mga taga-Baybay na ang lungsod ay nilikha ng Diyos, ito ay nakasaad sa saknong 5, taludtod 3 at 5 ng himno.

*Manunubos nag-abay kanato*

Nagsasaad ang taludtod na ito ng himno na sa lahat ng oras, panahon, pagsubok at mga gawain sa lungsod ng Baybay ay nakaalalay ang *"Manunubos"* o tagapagligtas ng lungsod na dinadakila at pinasasalamatan ng lubos ng lahat ng Baybayanon

Sa kabuuan, ang himno ng Baybay City, Leyte ay nakatuon sa lahat ng aspeto, pinapahalagahan lahat para sa kanilang komunidad. Sa pamamagitan ng pagkakaisa ng mga mamamayan, positibong matatamo ang kaunlaran at kapayapaan.

Batay sa resulta ng pagsusuri, pitong kamalayang panlipunan na nakabatay sa klasipikasyon ni Timbreza (Nibalvos, 2018) ang nakapaloob sa himno ng Baybay City, Leyte. Ito ay ang *Sipag, pagsisikap at pagtitiis o pagpapasensiya, Paggawa, Pakikipagkapwa-tao, Mahusay na pakikitungo at pakikipagsundo, Kakayahang mabuhay, Kalayaan at pagmamahal sa bayan at Relihiyon*. Samantala, may nasuring mga kamalayang panlipunan na hindi nakatala sa klasipikasyon, ito ay ang *Pagkakaisa at Pagtutulungan.* Idinagdag naman ng tagasuri ang dalawa pang kamalayang panlipunan na napapaloob sa himno ito ay ang *Sariling disiplina* na matatagpuan sa *chorus* at Ikatlong saknong, *Pamumuno, pagkukusa, pagpapanimula o pangunguna* na nasuri sa ikatlong saknong, at ang *Pag-iwas o paglaban sa karahasan* na nasuri sa ika-apat na saknong. May kamalayang panlipunan din na idinagdag ng tagasuri na hindi nakatala sa klasipikasyon ni Timbreza (Nibalvos, 2018) ito ay ang *Pagpapakita ng pag-asa* na matatagpuan sa unang saknong, *Pagbibigay halaga sa kabataan* na nasuri sa *chorus* ng himno, *Pagkakaisa* na nasuri sa *chorus* at ikatlong saknong at *Pagkamakakalikasan* na nasuri sa ikatlong saknong ng himno. Ang *Pagkakaisa* na kamalayang panlipunan ay parehong nasuri ng mga kalahok at ng tagasuri.

**Talahanayan 5: Himno ng Inopacan, Leyte at mga Kamalayang Panlipunang Napapaloob sa Bawat Saknong ng Himno.**

| Himno | Mga Kamalayang Panlipunang Napapaloob sa Himno |
|---|---|
| I. | |
| Yutang tabunon, Yutang tabunok[1] | Kalayaan at pagmamahal sa bayan[1] |
| Yutang mapuanguron sa katawhan[1] | |
| Ang kakugihan, maoy puhunan[2&3] | Sipag, pagsisikap at pagtitiis[2] |
| Para makab-ot ang kalampusan[2&3] | Paggawa[3] |
| II. | |
| Dios ang tinubdan, naghatag kinaiyahan[4] | Relihiyon[4] |
| Kadagatan, katubigan, kabukiran[4&5] | |
| Iyang gigasahan ang katilingban[4&5] | Kakayahang mabuhay[5] |
| Aron adunay kabuhian[5] | |
| Chorus | |
| INOPACAN, tuburan sa kasaysayan[1] | Kalayaan at pagmamahal sa bayan[1] |
| Maguswag ang atong kabaryuhan[6] | Pamumuno, pagkukusa, pangungunsa[6] |
| Kalinaw'g kalambuan[7] | Pag-iwas o paglaban sa karahasan[7] |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

| | |
|---|---|
| Kab-uton ang tanan | Mahusay na pakikitungo o pakikipagsundo[8]; |
| Maghiusa kita sa kaayuhan[8&9] | Pagkakaisa[9] |
| | |
| III. | |
| Ang kabukiran, naghatag kaayuhan | |
| Kakahuyan ug kasapaan[4] | Relihiyon[4] |
| Kinabuhi maoy tinubdan[10] | Pagkatao[10] |
| Alang sa katawhan[10&11] | Sariling disiplina[11] |
| Busa angay kini nga ampingan[11] | |
| | |
| IV | |
| Tres Isla's kadagatan, naghatag kadungganan[4] | Relihiyon[4] |
| Digyo, Apid, ug Mahaba | |
| Tungob sa bahandi, naghatag[4] kinabuhi[4] | |
| Ikalipay sa tanang katawhan[4&12] | Malugod o magiliw na pagtanggap[12] |
| | |
| Repeat Chorus 2x | |
| | |
| Coda: | |
| Maghiusa kita sa kaayuhan[8,13,2] | Mahusay na pakikitungo o pakikipagsundo[8], |
| Arun makab-ot ang tanan[8,13,2,14] | pagtutulungan para sa ika-uunlad ng bayan[13] |
| INOPACAN | Sipag, pagsisikap o pagtitiis[2] |
| | Pamumuno, pagkukusa, pagpapanimula o pangunguna[14] |

**Kamalayang Panlipunang Napapaloob sa Himno ng Inopacan, Leyte Ayon sa Kalimitan sa Paggamit Nito**

Batay sa resulta ng pagsusuri, ang mga sumusunod na kamalayang panlipunan ang napapaloob sa himno ng Inopacan, Leyte na nakabatay sa klasipikasyon ni Timbreza (Nibalvos, 2018): *Kalayaan at pagmamahal sa bayan, Sipag, pagsisikap at pagtitiis o pagpapasensiya, Relihiyon, Kakayahang mabuhay, Pag-iwas o paglaban sa karahasan, Mahusay na pakikitungo at pakikipagsundo, Pagkatao, Pakikipagkapwa-tao at Pamumuno, pagkukusa, pagpapanimula o pangunguna.* Samantala, may nasuring mga pagpapahalaga na hindi nakatala sa klasipikasyon, ito ay ang *Pagkakaisa.*

***Kalayaan at pagmamahal sa bayan*** - ang kamalayang ito ay tumutukoy sa pagbibigay halaga at pagmamahal sa bayang sinilangan na kung saan ang himno ng Inopacan ay nagpapakita ng lubos na pagmamahal sa bayan. Pinatunayan ito sa saknong 1, taludtod 1 at 2, at chorus, taludtod 1 ng himno.

Saknong 1, Taludtod 1 at 2

*Yutang tabunon, Yutang tabunok*
*Yutang mapuanguron sa katawhan*

Chorus, Taludtod 1

*Inopacan, tuburan sa kasaysayan*

Ang mga sumusunod na Taludtod ay nagpapahayag ng kamalayan at pagmamahal sa bayan ng Inopacan. Ang "*tuburan"* ay nangangahulugang *pinagmulan.* Ipinapakita sa himno ng Inopacan ang pagmamahal sa sariling lupang tinubuan dahil ito ang siyang ating pinagmulan kahit saan ka pa umaabot, babalik at babalik ka pa rin sa iyong lupang sinilangan. Ang kabuuan ng himno ay nagpapakita ng kalayaan na natatamasa ng bayan at ang bawat liriko ay tunay na nagpapahiwatig ng pagmamahal sa kagandahan ng lungsod ng Inopacan.

***Sipag, Pagsisikap at Pagtitiis o Pagpapasensiya***

Ang kamalayang panlipunang ito ay nauukol sa kasipagan at pagsisikap na malaking puhunan ng isang tao. Sa himno ng Inopacan malinaw na inihayag ang kamalayang panlipunang ito na nakasaad sa saknong 1, taludtod 3 at 4 ng himno.

*Ang kakugihan maoy puhunan*
*Para makab-ot ang kalampusan*

Ang sumusunod na taludtod ay nagpapahayag ng sipag at pagsisikap, nagpapahiwatig ito ng dugo at pawis para makuha ang ninanais ng mamamayan ng bayan para maging matagumpay sa buhay. Ang "*kakugihan"* ay nangangahulugang sipag at pagsisikap para makamit ang hangarin.

***Relihiyon***

Ang kamalayang panlipunang ito ay tumutukoy sa pananalig sa Diyos at paniniwala na lahat ng biyaya ay nagmula sa kadakilaan ng Diyos. Sa himno ng Inopacan, inihahayag ang Relihiyon kung saan naniniwala ang mga taga-Inopacan na ang bayan ay nilikha ng Diyos, ito ay nakasaad sa saknong 2, Taludtod at saknong 4 ng himno.

*Dios ang tinubdan, naghatag kinaiyahan*

Ipinapahiwatig sa taludtod na ito ng himno ang pananalig sa Diyos bilang pinagmulan at tagapaghatid ng mga biyaya sa bayan ng Inopacan. Ang lahat ng patnubay ay gawain ng Diyos.

*Tres Isla's kadagatan, naghatag kadungganan*
*Digjo, Apid, ug Mahaba*

*Tugob sa bahandi, naghatag kinabuhi*
*Ikalipay sa tanang katawhan*

Ipinahihiwatig ng saknong ng ito na ang magagandang tanawing dinarayo na nagpatanyag sa bayan ng Inopacan ay biyaya ng Diyos na siyang nagdulot ng buhay, pamumuhay at saya ng mga tao sa bayan.

***Kakayahang Mabuhay at Sipag, Pagsisikap at Pagtitiis o Pagpapasensiya***

Ang himno ng Inopacan, Leyte ay nagsasaad ng kamalayang kakayahang mabuhay na ukol sa pagpapaunlad ng pamumuhay at paglaban ng mga karapatan upang mabuhay at makaligtas sa hirap ng buhay. Sipag, pagsisikap at pagtitiis o pagpapasensiya na nauukol naman sa kasipagan at pagsisikap na malaking puhunan ng isang mamamayan. Ang mga kamalayang panlipunang ito ay inihahayag sa himno ng Inopacan na nakasaad sa saknong 1, taludtod 2, 3at 4, at saknong 2, taludtod 2, 3 at 4 ng himno.

*Yutang mapuanguron sa katawhan*
*Ang kakugihan, maoy puhunan*
*Para makab-ot ang kalampusan*

Nagpapahiwatig ang saknong ng himno na may kakayahang mabuhay ang mga mamamayan sa bayan ng Inopacan dahil sa kasipagan at pagsisikap ng bawat isa.

*Kadagatan, katubigan, kabukiran*
*Iyang gigasahan ang katilingban*
*Aron adunay kabuhian*

Isinasaad sa himno na ang mga biyayang kalikasan ang nagbibigay dahilan upang mabuhay ang mga mamamayan ng Inopacan. Ipinahihiwatig ng himnong ito ang kabuhayan o pinagkukunana ng kabuhayan ng mga taga-Inopacan. Ang huling taludtod ng saknong ay tuwirang nagpapahayag na ang dulot ng kalikasan mayroon ang bayan ng Inopacan ay naghahatid ang kakahayahang mabuhay sa mga mamamayan.

*Pag-iwas o paglaban sa karahasan* ay tumutukoy ito sa pagkakaroon ng kapayapaan at pagmamahal sa kapwa. Ang karahasan at di-pagkakaunawaan ay magdudulot lamang ng pagkapoot at pagtatanim ng masamang kalooban sa isa't-isa. Malinaw na nakasaad sa himno ng Inopacan ang kamalayang panlipunang ito na makikita sa chorus, taludtod 3 ng himno.

*Kalinaw'g kalambuan*

Ipinapahiwatig sa linyang ito ang intensyon ng lungsod sa malawakang kapayapaan. Ang "*kalinaw"* ay nangangahulugang kapayapaan na isinusulong ng bayan ng Inopacan.

***Mahusay na Pakikitungo o Pakikipagsundo***

Ito ay nauukol sa maayos na pakikitungo ng bawat mamamayan ng bayan sa kabila ng pagkakaiba-iba ng relihiyon, kultura't wika na nagtataglay ng prinsipyo ng kapatiran at pagmamahal sa kapwa. Ang mga kamalayang ito ay pinatunayan sa chorus ng himno.

*Inopacan, tuburan sa kasaysayan*
*Mag-uswag ang atong kabaryuhan*
*Kalinaw'g kalambuan*
*Kab-uton ang tanan*
*Maghiusa kita sa kaayuhan*

Ipinahihiwatig sa saknong na ito ng mahusay na pakikitungo o pakikipagsundo ng mamamayan para makamit ang kapayapaan at kaunlaran ng bayan ng Inopacan.

***Pagkatao***

Ito ay pagkakaroon ng malinis na pangalan, karangalan, kabutihang-asal, kagandahang loob, magandang kaugalian, kalinisang-puri, kabaitan, at pagiging mapagkakatiwalaan. Sa himno ng Inopacan, malinaw na inihahayag ang kamalayang panlipunan na Pagkatao, ito ay nakasaad sa saknong 3, taludtod 3, 4 at 5 ng himno.

*Kinabuhi maoy tinubdan*
*Alang sa katawhan*
*Busa angay kini nga ampingan*

Nagpapahiwatig ang saknong ng himno ng pagpapahalaga ng buhay o Pagkatao ng mga taga-Inopacan dahil ito ay pundasyon at pinagmulan ng lahat kaya nararapat itong alagaan at pahalagahan.

***Pakikipagkapwa-tao, Pagkakaisa at Pagtutulungan***

Ang himno ng Inopacan, Leyte ay napapalooban ng kamalayang panlipunang Pakikipagkapwa-tao na tumutukoy sa pagbibigay-halaga sa mga taong nakakasalamuha ng mga mamamayan ng bayan. Sipag, pagsisikap at pagtitiis o pagpapasensiya na nauukol sa kasipagan at pagsisikap na malaking puhunan ng isang tao. Sa himno ng Inopacan malinaw na inihayag ang mga kamalayang panlipunang ito na nakasaad sa coda ng himno.

*Maghiusa kita sa kaayuhan*
*Arun makab-ot ang tanan*

Ipinahihiwatig ng coda ang pakikipagkapwa-tao, pagkakaisa at pagtutulungan ng bawat mamamayan ng Inopacan upang matamo ang kaayusan at kaunlaran ng bayan.

***Pamumuno, Pagkukusa, Pagpapanimula o Pangunguna***

Nauukol ang kamalayang panlipunang ito sa sa konsepto ng pagkukusa na isang kakayahan na manguna sa isang gawain. Ang himno ng Inopacan ay nakitaan ng kamalayang ito na nakasaad sa chorus at coda ng himno.

*Mag-uswag ang atong kabaryuhan*
*Maghiusa kita sa kaayuhan*

Ipinahihiwatig sa mga taludtod ng himnong ito ang konsepto ng pamumuno, pagkukusa at pangunguna sa isang gawain gayundin ang pagkakaisa at paghihikayat na manguna upang matamo ang hangarin at mapaunlad ang bayan ng Inopacan.

Sa kabuuan, ang himno ng Inopacan, Leyte ay nagpapahiwatig ng pagmamahal sa bayan, kalayaan, sipag at pagsisikap at maging sa paniniwala sa Diyos na siyang pinagmulan ng lahat lalo na sa na magandang tanawin/kalikasan na nagpatanyag sa bayan.

Batay sa resulta ng pagsusuri, ang mga sumusunod na pitong kamalayang panlipunan ang napapaloob sa himno ng Inopacan, Leyte na nakabatay sa klasipikasyon ni Timbreza (Nibalvos,

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

2018). Ito ay ang *Kalayaan at pagmamahal sa bayan, Sipag, pagsisikap at pagtitiis o pagpapasensiya, Relihiyon, Kakayahang mabuhay, Pag-iwas o paglaban sa karahasan, Mahusay na pakikitungo at pakikipagsundo, Pagkatao, Pakikipagkapwa-tao at Pamumuno, pagkukusa, pagpapanimula o pangunguna*. Samantala, may nasuring kamalayang panlipunan na hindi nakatala sa klasipikasyon, ito ay ang *Pagkakaisa*. Idinagdag naman ng tagasuri ang tatlong kamalayang panlipunan na nasuri ayon sa klasipikasyon ni Timbreza, ito ay ang *Paggawa* na nasuri sa unang saknong, *Sariling disiplina* nasuri sa ikatlong saknong at *Malugod, magiliw at mabuting pagtanggap* sa mga panauhin na nasuri naman sa ika-apat na saknong ng himno.

**Talahanayan 6: Himno ng Hilongos, Leyte at mga Kamalayang Panlipunang Napapaloob sa Bawat Saknong ng Himno.**

| Himno | Mga Kamalayang Panlipunang Napapaloob sa Himno |
|---|---|
| "Hilongos Hymn" | |
| Hilongos nga atong Lungsod[1] | Kalayaan at pagmamahal sa bayan[1] |
| Tipik ikaw sa atong nasod[1] | Mahusay na pakikitungo at pakikipagsundo[2] |
| Mga kadugo og mga higala[2,3&4] | Pamilya[3]; Pagkatao[4] |
| Nga kanimo puno sa gugma[2,3&4] | |
| Ang imong kadalanan | Kalayaan at pagmamahal sa bayan[1] |
| nga atong pagsubaysubayan[1] | |
| Kaguol ning atong dughan, | Walang iwanan sa anumang hamon ng buhay[5] |
| kung ato ka nga talikdan[5] | |
| | Mahusay na pakikitungo ay pakikipagsundo[2]; |
| Mga kahigalaan[3], tabangan ta atong ponuan[2&6], | Pagtutulungan[6] |
| Garbo ta'ng dalisay, sa gugmang tiunay[7], | Pamilya[3] |
| Apan ang nagkinahanglan, sa pagtinabangay[6,8,9] | Pagkamahinahon[7] |
| Aron ang atong lungsod, purong-purongan sa kalipay[8] | |
| | Pakikipagkapwa-tao[8] |
| Mga kahigalaan[3], tabangan ta atong ponuan[2&6], | Paggawa[9] |
| Garbo ta'ng dalisay, sa gugmang tiunay[7], | |
| Apan ang nagkinahanglan, sa pagtinabangay[6,8,9] | |
| Aron ang atong lungsod, purong-purongan sa | Mahusay na pakikitungo ay pakikipagsundo[2]; |
| kalipay[8] | Pagtutulungan[6] |
| | Pamilya[3] |
| Tabangan t'ang atong ponuan | Pagkamahinahon[7] |
| Managhiusa kitang tanan[10&11] | |
| | Pakikipagkapwa-tao[8] |
| | Paggawa[9] |
| | Sariling disiplina[10] |
| | Pagkakaisa[11] |

**Kamalayang Panlipunang Napapaloob sa Himno ng Hilongos, Leyte Ayon sa Kalimitan sa Paggamit Nito**

Batay sa resulta ng pagsusuri, ang mga sumusunod na kamalayang panlipunan na ang napapaloob sa himno ng Hilongos, Leyte na nakabatay sa klasipikasyon ni Timbreza (Nibalvos, 2018) *Pagkatao, Kalayaan at pagmamahal sa bayan, Pagkamahinahon, Paggawa, Mahusay na pakikitungo at pakikipagsundo, Pakikipagkapwa-tao, Sariling disiplina*. Samantala, may nasuring mga kamalayang panlipunan na hindi nakatala sa klasipikasyon, ito ay ang *Pagtutulungan at Pagkakaisa*.

***Pagkatao***

Ang kamalayang panlipunang ito ay nakaukol sa pagkakaroon ng malinis na pangalan, karangalan, kabutihang-asal, kagandahang loob, magandang kaugalian, kalinisang-puri, kabaitan, at pagiging mapagkakatiwalaan. Sa himno ng Hilongos malinaw na inihahayag ang kamalayang panlipunan na Pagkatao, ito ay nakasaad sa saknong 1, taludtod 3 at 4 ng himno.

*Mga kadugo og mga higala*
*Nga kanimo puno sa gugma*

Nakasaad sa lirikong itong ito ang magandang kaugalian, kabaitan at pagmamahal ng mga mamamayan sa bayan, pamilya man o kapwa. Inilalarawan ang Pagkatao ng mga mamamayan sa pamamagitan ng lirikong *"nga kanimo puno sa gugma"*.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

***Kalayaan at Pagmamahal sa Bayan***

Ito ay tumutukoy sa pagbibigay halaga at pagmamahal sa bayang sinilangan na kung saan ang himno ng Hilongos ay nagpapakita ng lubos na pagmamahal sa bayan. Pinatunayan ito sa saknong 1 at 2 ng himno.

*Hilongos nga atong Lungsod*
*Tipik ikaw sa atong nasod*
*Mga kadugo og mga higala*
*Nga kanimo puno sa gugma*

*Ang imong kadalanan*
*Nga atong pagsubaysubayan*
*Kaguol ning atong dughan*
*Kung ato ka nga talikdan*

Nakasaad sa bawat saknong ng himno ang lubos na pagmamahal ng mga taga-Hilongos sa kanilang bayan at ang hindi pagtalikod sa kinagsinang bayan ay isang matibay na paninindigan ng isang nagmamahal sa lupang sinilangan. Mahalagang maipakita natin ang pagmamahal sa ating bayan dahil sa kalayaang ating natamo.

***Pagkamahinahon***

Ang kamalayang panlipunang ito nakatuon sa pag-iwas sa kapahamakan, padalos-dalos na desisyon at paghuhusga sa oras ng krisis. Sa himno ng Hilongos malinaw na inihayag ang Pagkamahinahon na nakasaad sa saknong 3, Taludtod 2 ng himno.

*Garbo ta'ng dalisay, sa gugmang tiunay*

Nagsasaad ito ng dalisay na pagmamahal sa bayan ng Hilongos; kapag ang ugaling ito ay ipinamalas (garbo)/ pagmamalaki sa sarili ay mawawala.

***Paggawa***

Ang kamalayang panlipunang ito ay nakaukol sa kabutihan, kaunlaran ng isang tao, kasaganaan, kaginhawaan, tagumpay na nagdudulot ng pagbabago. Ang himno ng Hilongos ay nagpapahayag ng kamalayang Paggawa na daan para matamo ang kaunlaran ng bayan. Ito ay nakasaad sa saknong 3 at 4, taludtod 3 ng himno.

*Apan ang nagkinahanglan, sa pagtinabangay*

Ayon nga sa kasabihang *"Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa,"* ipinahihiwatig sa taludtod na ito na matatamo ang kaunlaran at mithiin ng bayan n Hilongos nararapat na kumilos o gumawa ang bawat mamamayan. Daan ito sa kaayusan at katahimikan na nagbibigay pagbabago sa bayan. Ipinahihiwatig ng taludtod na ang pagtulong sa bayan ay nangangailangan ng kilos at paggawa upang mapaunlad ito.

***Mahusay na Pakikitungo at Pakikipagsundo at Pakikipagkapwa-tao***

Ang himno ng Hilongos, Leyte ay nagpapakita ng kamalayang panlipunan na Mahusay na pakikitungo o pakikipagsundo na nauukol sa maayos na pakikitungo ng bawat mamamayan ng bayan sa kabila ng pagkakaiba-iba ng relihiyon, kultura't wika na nagtataglay ng prinsipyo ng kapatiran at pagmamahal sa kapwa. Pakikipagkapwa-tao tumutukoy sa pagbibigay-halaga sa mga taong nakakasalamuha ng mga mamamayan ng bayan. Sa himno ng Hilongos, malinaw na nakasaad ang mga kamalayang ito na makikita sa saknong 3 at 4 ng himno.

*Mga kahigalaan, tabangan ta atong ponuan*
*Garbo ta'ng Dalisay, sa gugmang tiunay*
*Apan ang nagkinahanglan, sa pagtinabanagay*
*Aron ang atong lungsod, purong-purungan sa kalipay*

Ipinahihiwatig ng saknong ang pagtutulungan "*pagtinabangay*" ng mamamayan sa kanilang kapwa Hilongosnon ay nagpapakita ng pagmamahal sa kapwa na makikita sa mahusay na pakikitungo at pakikipagsundo upang mapaunlad ang bayan ng Hilongos at matamo ang kasayahan at kaunlaran. Nakasaad din sa liriko ang pagpapahalaga sa kapwa sa pamamagitan ng pagtingin sa iba at pagkukusa na tumulong na kailangan para magkaroon ng dalisay o katahimikan sa bayan at para sa ikabubuti ng hangarin ng lahat, nagdadamayan ang bawat mamamayan

***Sariling Disiplina at Pagkakaisa***

Ang himno ng Hilongos. Leyte ay nagsasaad ng kamalayang panlipunan na Sariling disiplina na tumutukoy sa pagsunod o pamumuhay batay sa pamantayang panlipunan o tamang pag-uugaling moral at regulasyon upang magkaroon ng payapang buhay. Pagkakaisa ng mamamayan ng bayan na pundasyon upang matamo ang kaunlaran. Sa himno ng Hilongos, malinaw na nakasaad ang mga kamalayang ito na makikita sa saknong 5 ng himno.

*Tabangan ta'ng atong ponuan*
*Managhiusa kitang tanan*

Ang mga taludtod ay nagsasaad ng pagkakaisa ng mamamayan sa isang lipunan na isang hakbangin upang matamo ang kapayapaan at kaunlaran ng bayan ng Hilongos. Ipinahihiwatig din sa taludtod ang pagkakaroon ng sariling disiplina sa pamumuhay na naayon sa lipunan upang makamit ang mapayayapang bayan. Hindi makakamit ang kaunlaran kung walang sariling disiplina ang bawat mamamayan.

Sa pangkalahatan, ang himno ng Hilongos, Leyte ay nagsasaad ng puno ng pagmamahal sa bayan at sa mga Hilongosnon. Nakapaloob dito ang hindi pagtalikod sa bayang kinagisnan, pagiging tapat, pagtutulungan at pagpapahalaga sa pamilya tungo sa mapayapa at masayang bayan.

Batay sa resulta ng pagsusuri, may pitong kamalayang panlipunan ang napapaloob sa himno ng Hilongos, Leyte na nakabatay sa klasipikasyon ni Timbreza (Nibalvos, 2018). Ito ay ang *Pagkatao, Kalayaan at pagmamahal sa bayan, Pagkamahinahon, Paggawa, Mahusay na pakikitungo at pakikipagsundo, Pakikipagkapwa-tao, Sariling disiplina.* Samantala, may nasuring mga kamalayang panlipunan na hindi nakatala sa klasipikasyon, ito ay ang *Pagtutulungan at Pagkakaisa.* Idinagdag naman ng tagasuri, ito ay ang *Pamilya* na nasuri sa unang saknong, ikatlo at ika-apat. May mga *kamalayang panlipunan* rin na idinagdag ang tagasuri na hindi nakatala sa klasipikasyon ni Timbreza (Nibalvos, 2018)

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

ito ay ang *Walang iwanan sa anumang hamon sa buhay* na nasuri sa ikalawang saknong, *Pagtutulungan* na nasuri sa ikatlo at ika-apat na saknong at *Pagkakaisa* na nasuri sa ikalimang saknong. Ang *Pagtutulungan at Pagkakaisa* na kamalayang panlipunan ay nasuri ng mga kalahok gayundin ng tagasuri.

**Talahanayan 7**: **Himno ng Bato, Leyte at mga Kamalayang Panlipunang Napapaloob sa Bawat Saknong ng Himno**

| Himno | Mga Kamalayang Panlipunang Napapaloob sa Himno |
|---|---|
| "Hamili'ng Lungsod sa Bato" | |
| | |
| Amu'ng lungsod nga bilibhun | |
| Punu sa kaanyag, katahum[1] | Sariling disiplina[1] |
| Simbulu sa kalig-un, pagla-um[2] | Pagkamahinahon[2] |
| Sa katawhan kanunay gihandum[3] | Pagkatao[3] |
| | |
| Sa kabukiran, sa kadagatan | |
| Hamili'ng bahandi hipalgan | |
| Gi-amuma sa katawhan | |
| Kadayganan alang sa Kahitas-an[4] | Relihiyon[4] |
| | |
| Oh, Batobalani sa gugma[4] | Relihiyon[4] |
| Amung gipangga, gi-amuma[4&5] | Kalayaan at pagmamahal sa bayan[5] |
| Oh, hamili'ng lungsod sa Bato[5] | Paggawa[6] |
| Ang pag-asinsu, amu'ng ikapasigarbu[6&7] | Sipag, pagsisikap at pagtitiis o pagpapasensiya[7] |
| | |
| Sa kasadya ug kalisdanan[4] | |
| Sa Ginoo isalig ang tanan[4] | Relihiyon[4] |
| Nagahangyu sa Iyang panabang[4] | |
| Lig-un'g pagtu-u amu'ng gitugyan[4] | |
| | |
| Sa kapit-us ug kaharuray | |
| Hingpit ang amu'ng pagtinabangay[8] | Pagtutulungan[8] |
| Sa kalambu-an ug kalampusan | Paggawa[6] |
| Batohanon kusog amu'ng gihuptan[6&9] | Pamilya[9] |
| | |
| Oh, Batobalani sa gugma[4] | Relihiyon[4] |
| Amung gipangga, gi-amuma[4&5] | Kalayaan at pagmamahal sa bayan[5] |
| Oh, hamili'ng lungsod sa Bato[5] | Paggawa[6] |
| Ang pag-asinsu, amu'ng ikapasigarbu[6&7] | Sipag, pagsisikap at pagtitiis o pagpapasensiya[7] |
| | |
| Oh, hamili'ng lungsod sa Bato[5] | Kalayaan at pagmamahal sa bayan[5] |
| Ang pag-asinsu, amu'ng ikapasigarbu[6&7] | Paggawa[6], Sipag, pagsisikap at pagtitiis[7] |
| Lungsod nga amu'ng gipuy-an[10] | Kakayahang mabuhay[10] |
| Atung ampingan ug pasalamatan | |

**Kamalayang Panlipunang Napapaloob sa Himno ng Bato, Leyte Ayon sa Kalimitan sa Paggamit Nito**

Batay sa resulta ng pagsusuri, ang mga sumusunod na kamalayang panlipunang napapaloob sa himno ng Bato, Leyte na nakabatay sa klasipikasyon ni Timbreza (Nibalvos, 2018): *Pagkamahinahon, Kakayahang mabuhay, Pagkatao, Paggawa, Kalayaan at pagmamamahal sa bayan, Relihiyon, Pamilya, Mahusay na pakikitungo at pakikipagsundo at Pakikipagkapwa-tao*. Samantala, may nasuring mga pagpapahalaga na hindi nakatala sa klasipikasyon, ito ay ang *Pagtutulungan.*

***Pagkamahinahon at Kakayahang Mabuhay***

Ang himno ng Bato, Leyte ay nagpapakita ng kamalayang panlipunan na Pagkamahinahon upang makaiwas sa kapahamakan, padalos-dalos na desisyon at paghuhusga sa oras ng krisis. Kakayahang mabuhay na nakaukol sa pagpapaunlad ng pamumuhay at paglaban ng mga karapatan upang mabuhay at makaligtas sa hirap ng buhay. Sa himno ng Bato, malinaw na nakasaad ang mga kamalayang ito na makikita sa saknong 1, taludtod 3.

*Simbulu sa kalig-un, pagla-um*

Nagsasaad ang taludtod na ito ng pagiging mahinahon sa pagharap ng yugto ng buhay at pagpapahalaga sa kapayapaan ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

bawat mamamayan ng Bato. Binibigyang-diin nito ang kakayahang mabuhay ng tao sa sa matalinghagang paraan.

Ang ***Pagkatao*** ay ang kamalayang panlipunang ito ay nakaukol sa pagkakaroon ng malinis na pangalan, karangalan, kabutihang-asal, kagandahang loob, magandang kaugalian, kalinisang-puri, kabaitan, at pagiging mapagkakatiwalaan. Sa himno ng Bato, malinaw na inihahayag ang kamalayang panlipunan na Pagkatao, ito ay nakasaad sa saknong 1 ng himno.

*Amung lungsod nga bililhun*
*Punu sa kaanyag, katahum*
*Simbulu sa kalig-un, pagla-um*
*Sa katawhan kanunay gihandum*

Sa saknong na ito, literal na inilalarawan ang kamalayang panlipunan na nagpapahalaga sa "Pagkatao". Ang mga Batohanon ay may mabuting pagkatao, makikita ito sa pagiging matatag at puno ng pag-asa sa mga pagsubok ng buhay.

***Paggawa at Pagtutulungan***

Ang himno ng Bato, Leyte ay nagpapakita ng kamalayang panlipunan na Paggawa na ukol sa kabutihan at kaunlaran ng isang tao, kasaganaan, kaginhawaan, tagumpay at kaligayahan sa buhay. Ang kamalayang panlipunang ito ay nagbubukas ng maraming oportunidad at nagdudulot ng pagbabago. Pagtutulungan tumutukoy ito sa sama-samang paggawa ng isang pangkat upang matamo ang isang mithiin. Sa himno ng Bato, malinaw na inihahayag ang mga kamalayang ito na nakasaad sa saknong 5, taludtod 2 at 3.

*Hingpit ang amu'ng pagtinabangay*
*Sa kalambu-an ug kalampusan*

Binigyang-diin ang Paggawa para sa kapakanan ng buong Bato, Leyte. Nakasaad dito ang pagtutulungan ng bawat Batohanon tungo sa kaunlaran na mithiin ng mamamayan para sa sariling bayan.

***Kalayaan at Pagmamahal sa Bayan***

Ang kamalayang panlipunang ito ay tumutukoy sa pagbibigay halaga at pagmamahal sa bayang sinilangan na kung saan ang himno ng Bato ay nagpapakita ng lubos na pagmamahal sa bayan. Sa himno ng Bato, inihahayag ang kamalayang ito na nakasaad sa saknong 3, 6 at 7 ng himno.

*Oh, Batobalani sa gugma*
*Amung gipangga, gi-amuma*
*Oh, hamili'ng lungsod sa Bato*
*Ang pag-asinsu, among ikapasigarbu*
*Oh, hamili'ng lungsod sa Bato*
*Ang pag-asinsu, amun'ng ikapasigarbu*
*Lungsod nga amu'ng gipuy-an*
*Atung ampingan ug pasalamatan*

Isinasaad sa mga saknong ang lubos na pagmamahal at pagbibigay halaga ng mga Batohanon sa bayan ng Bato na ipinagmamalaki nito ang pag-unlad. Ipinapakita ito sa pamamagitan ng paggawa ng kabutihan ng mamamayan. Nararapat na pangalagaan at pasalamatan ang bayan dahil maraming magandang hatid ito sa mga mamamayan.

***Relihiyon***

Ang kamalayang panlipunang ito ay tumutukoy sa pananalig sa Diyos at paniniwala na lahat ng biyaya ay nagmula sa kadakilaan ng Diyos. Sa himno ng Bato, inihahayag ang Relihiyon kung saan naniniwala ang mga taga-Bato na ang bayan ay nilikha ng Diyos, ito ay nakasaad sa saknong 2, taludtod 4, saknong 4, taludtod 1 at 2 at saknong 6, taludtod 1ng himno.

*Kadayganan alang sa Kahitas-an*
*Sa kasadya ug kalisdanan*
*Sa Ginoo isalig ang tanan*

*Oh, Batobalani sa gugma*Isinasaad sa sumusunod na taludtod ng himno ang pagpapasalamat at pagtitiwala ng buong puso ng mga Batohanon sa Maylikha. Sumasalamin ito sa pagpapahalaga sa relihiyong kinabibilangan at pinaniniwalaan partikular na sa pananalig sa patron ng Bato si Sr. Sto. Niño. Makikita sa linya ng himno ang matibay na pananalig ng mga Batohanon maging sa kagipitan man o kasaganaan.

***Pamilya at Pagtutulungan***

Ang himno ng Bato, Leyte ay nagpapakita ng kamalayang panlipunan na Pamilya na bahagi na ng kultura ng mga Pilipino na kung saan ang tagumpay ng pamilya ay sukatan sa tagumpay ng bawat Pilipino. Pagtutulungan ito ay tumutukoy sa sama-samang paggawa upang matamo ang isang mithiin. Sa himno ng Bato, malinaw na inihahauag ang mga kamalayang ito na nakasaad sa saknong 5 ng himno.

*Sa kapit-us ug kaharuray*
*Hingpit ang amu'ng pagtinabangay*
*Sa kalambu-an ug kalampusan*
*Batohanon kusog amu'ng gihuptan*

Ipinahihiwatig ng lirikong ito na sa lahat ng panahon, sa kagipitan man o kasiyahan ang mga Batohanan ay nagkakaisa at nagtutulungan upang matamo ang kaunlaran. Ipinahihiwatig din ang pagtutulungan sa anumang hamon ng buhay. Ang kapit-bisig ng bawat miyembro ng pamilya ang siyang pundasyon ng matiwasay na pamumuhay at ang tagumpay ng pamilya ay sukatan ng kaunlaran ng bayan.

***Mahusay na Pakikitungo o Pakikipagsundo at Pakikipagkapwa-tao***

Ang himno ng Bato, Leyte ay nagpapakita ng kamalayang panlipunan na Mahusay na pakikitungo o pakikipagsundo na tumutukoy sa maayos na pakikitungo ng bawat mamamayan ng bayan sa kabila ng pagkakaiba-iba ng relihiyon, kultura't wika na nagtataglay ng prinsipyo ng kapatiran at pagmamahal sa kapwa. Pakikipagkapwa-tao tumutukoy sa pagbibigay-halaga sa mga taong nakakasalamuha ng mga mamamayan ng bayan. Sa himno ng Bato, malinaw na nakasaad ang mga kamalayang ito na nakasaad sa saknong 5, taludtod 2 ng himno.

*Hingpit ang amu'ng pagtinabangay*

Nakapaloob sa taludtod ng himno ang magandang relasyon at maayos na pakikitungo sa kabila ng balakid at pagkakaiba-iba ng

bawat mamamayan. Isinasaad ang pagpapahalaga at pagmamahal sa kapwa mamamayan.

Sa kabuuan, napapaloob sa himno ng Bato, Leyte ay ang Pagkamahinahon, Pakikipagkapwa-tao at may matinding paniniwala sa Poong Maykapal at ang pagmamahal sa bayan. Ano mang kakaharapin sa mga pagsubok ay handang harapin at pasalamatan.

Batay sa resulta ng pagsusuri, may siyam na kamalayang panlipunang napapaloob sa himno ng Bato, Leyte na nakabatay sa klasipikasyon ni Timbreza (Nibalvos, 2018). Ito ay ang *Pagkamahinahon, Kakayahang mabuhay, Pagkatao, Paggawa, Kalayaan at pagmamamahal sa bayan, Relihiyon, Pamilya, Mahusay na pakikitungo at pakikipagsundo at Pakikipagkapwa-tao*. Samantala, may nasuring kamalayang panlipunan na hindi nakatala sa klasipikasyon, ito ay ang *Pagtutulungan*. Idinagdag naman ng tagasuri ang dalawang kamalayang panlipunan, ito ay ang *Sariling disiplina* na nasuri sa unang saknong at *Sipag, pagsisikap at pagtitiis o pagpapasensiya* na nasuri naman sa ika-anim na saknong ng himno.

Batay sa resulta ng pagsusuri, ang mga pinakatampok na kamalayang panlipunan sa mga himno ng Ikalimang Distrito ng Leyte ay ang *(1) Kalayaan at pagmamahal sa bayan, (2) Pakikipagkapwa-tao, at (3) Sariling-disiplina* na kung saan ang lungsod at mga bayang kasangkot ay nakitaan ng mga kamalayang ito. Anim na bayan naman mula sa pitong kasangkot ang nakitaan ng mga kamalayang panlipunang nakatuon sa *(1)Sipag, pagsisikap at pagtitiis o pagpapasensiya, (2)Mahusay na pakikitungo at pakikipagsundo at (3)Paggawa*. Limang bayan naman mula sa pitong kasangkot ang nakatuon sa *(1)Relihiyon, (2)Kakayahang mabuhay, at (3)Pagkatao.*

Sa pamamagitan ng pagsusuring ito, nabatid ang mga kamalayang panlipuan na napapaloob sa mga himno batay sa klasipikasyon ni Timbreza (Nibalvos, 2018) lumitaw na labing-apat na mga kamalayang panlipunan sa mga himno ng Ikalimang Distrito ng Leyte ang paulit-ulit na makikita mula rito o tinatawag din na mga *Recurring Filipino Values,* (Nibalvos, 2018) ito ay mga karaniwang napapansin sa mga nasuring himno. Ito ay ang mga sumusunod: *(1)Kalayaan at pagmamahal sa bansa, (2)Sariling disiplina, (3)Pakikipagkapwa-tao, (4)Sipag, pagsisikap at pagtitiis o pagpapasensiya, (5) Mahusay na pakikitungo at pakikipagsundo, (6)Paggawa, (7)Pagkatao, (8)Kakayahang mabuhay, (9)Relihiyon, (10)Pamilya, (11)Pamumuno, pagkukusa, paninimula o pangunguna, (12)Pagkamahinahon, (13)Pag-iwas o paglaban sa karahasan, (14)Malugod, magiliw at mabuting pagtanggap sa mga panauhin/pagiging bukas ang tahanan sa mga panauhin.*

Sa kabilang dako, anim naman ang mga kamalayang panlipunang nasuri na hindi kabilang sa klasipikasyon ni Timbreza (Nibalvos, 2018), ito ay ang (1)*Pagkakaisa*, ispisipikong nakasaad sa mga himno ng bayan ng Javier-*"Pagkaurusa ipadayon"*, Abuyog - *"Magtinabanggy, maghiusa"*, Baybay City – "*Maghiusa kitang tanan"*, Inopacan - *"Maghiusa kita sa kaayuhan"*, Hilongos - *"Managhiusa kitang tanan"* ang pagpapahalagang Pilipinong ito; *(2)Pagtutulungan* na nakasaad sa himno ng Baybay, City– "*Sa hugot natong pagtinabangay",* Hilongos – "*Mga kahigalaan, tabangan ta atong ponuan" "Apan ang nagkinahanglan, sa pagtinabangay aron ang atong lungsod, purongpurung sa kalipay",* Bato – "*Sa kapit-us ug kaharuray*, *Hingpit ang amu'ng pagtinabangay"* at pagtutulungan para sa kaunlaran ng bayan ng Abuyog – "*Ngan sa imo an maon pagserbi para san imo kauswagan dinhi"*; *(3)Pagbibigay halaga sa kabataan*, nakasaad ang pagpapahalagang ito sa himno ng Baybay City *"Kalihukan gipa-abot sa dakbayan, labi na sa mga kabataan"*; *(4)Pagsulong o pagiging bukas sa kaunlaran*, ang pagpapahalagang ito ay nasuri sa himno ng Abuyog – *"O, Abuyog, Leyte nga bungto lupad san kauswagan mo"*; *(5)Pagkakaroon ng pag-asa*, ang pagpapahalagang ito ay nasuri sa himno ng Abuyog – *"Sa bukad san Leyte ka tugdon ikaw amon higugmaon sa imo mga kamot, Ada an amon paglaum"* at sa lungsod ng Baybay City – *"Ang silaw sa sayong kabuntagon, may paglaum nga kita magmauswagon"*; (6)*Respeto sa nakaraan* na nakasaad ang pagpapahalagang ito sa himno ng Mahaplag *"Bahandi mo ampingan, kabilin sa kaliwatan"* nangangahulugan itong pangalagaan ang mga pamana ng mga ninuno; *(7)Pagkamakakalikasan*, nasuri naman ang pagpapahalagang ito sa himno ng Baybay – *"Mag-alayon ug pananom, pagpalambo sa kanayonan"*; *(8)Walang iwanan sa anumang hamon sa buhay*, nasuri ang pagpapahalagang ito sa himno ng Hilongos – *Ang imong kadalanan nga atong pagsubaysubayan, Kaguol ning atong dughan kung ato ka nga talikdan".* Ang mga ito ay mga *Emerging Filipino Values* na taglay ng mga mamamayan sa mga bayan ng Ikalimang Distrito ng Leyte.

Sa kabuuan, pinahihiwatig dito na ang Ikalimang Distrito ng Leyte ay lubos ang pagmamahal sa bayang sinilangan, buhay na buhay ang pakikitungo ng mabuti at maayos sa kapwa, pinahahalagahan ang pagkakaisa at pagsisipag para sa ikauunlad ng bayan gayundin ang pagpapahalaga sa mga kabataan na kung saan nakasalalay sa kanila ng magandang kinabukasan ng bayan at ang pagpapahalaga sa nakaraan, ang mga pamana ng mga ninuno at higit sa lahat pinahahalagahan ang mga biyayang ipinagkaloob ng Diyos at ipinapahayag sa mga liriko ng himno na ang mga mamamayan ng Ikalimang Distrito ng Leyte ay puno ng pagmamahal at pananalig sa Diyos. Ang mga nasuring kamalayang panlipunan ay hindi bago sa pananaw dahil ang mga ito ay lantarang nakikita o napapansin sa bawat Pilipinong mamamayan.

Napansin din ng mananaliksik na ang mga ordinaryong mamamayan at iilan sa mga mamamayang nagtratrabaho sa bayan ay hindi batid ang sariling himno. Nararapat na pagtibayin ang pag-awit at paggamit nito, pagtuunan ng pansin ang pagtuturo at pagpapalaganap nito upang lubos na matamo ang layunin ng pagkakaroon ng sariling himno ng bayan.

Sa kabuuan, ang mga kamalayang panlipunang nasuri mula sa iba't-ibang himno ay mga likas na pagpapahalagang mayroon ang

mga Pilipino na kung saan ito ay bahagi na ng pagkatao at kultura ng bansa.

Hindi man nahahawakan ang mga ito pero ito'y nakikita, nasasalamin at nadadama ng tao na itinuturing na isa sa mga mayamang pamana ng lahi ng mga ninuno. Ang mga kamalayang panlipunang ito ay buhay na pamana ng mga ninuno ng bayan.

## 5.0 KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Mabisang paraan sa pagtamo ng kabatiran sa kamalayang panlipunang laganap sa isang bayan ay ang pagtuunan ng pansin ang mga orihinal at sariling literaturang namamayagpag dito dahil ito ay repleksyon ng kadakilaan at kultura ng isang bayan. Ang mga kamalayang panlipunan ay kinikilala ng lahat ng tao sa iba' ibang kultura at ito ay likas sa tao. Nasasalamin sa mga nasuring kamalayang panlipunan ang pagkakakilanlan ng bawat lungsod at bayan. Ang mga himno ay repleksiyon ng pinagmulan ng lahi na pinag-ugatan ng kasalukuyan. Sa pananaliksik na ito, nasuri na hindi lamang sa isang bayan laganap ang isang kamalayang panlipunan bagkus, ito ay tampok din sa iba't ibang bayan at lungsod na bumubuo sa Ikalimang Distrito ng Leyte. Ang mga nasuring kamalayang panlipunang ay sumasalamin sa mga kaugalian at pagkatao ng mga mamamayan ng bawat bayan. Iminungkahi na ang mga himno ng bayan ay gawing lunsaran sa pagtuturo sa mag-aaral, sa pamamagitan ng paglalapat sa lokalisasyon at kontekstuwalisasyon upang lubos na magamit at maunawaan ang nilalaman, mga pagpapahalagang napapaloob dito at kahalagahan ng himno ng bayan.

## 6.0 SANGGUNIAN

1. *Borong, N. (2021). Southern Leyteño's folklore narratives on lifestyle and leisure. International Journal of Research Studies in Education, 10(11).https://doi.org/10.5861/ijrse.2021.a022*
2. *Dayuha, A. (2023). Theme and contents of the hymn of Southern, Leyte, Philippines. European Journal of Social Sciences Studies, 8 (5). https://oapub.org/soc/index.php/EJSSS/article/view/ 1453/0*
3. *Gheyle, N. et.al. (2017). Content analysis: A short overview. Centre for EU studies. Ghent University. 10.13140/RG.2.2.33689.31841.https://www.researchgate. net/publication/32197752*
4. *Mandado, J. (2020). Ang Penomenong Awiting Visayan Popular o (VisPop) sa Kabata-ng Sebwano at ilang usaping wika at kultura. American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR), 4 (11), pp. 188-195. https://www.ajhssr.com/wpcontent/uploads/2020/11/W20411188195.pdf*
5. *Mansanadez, E. (2021). Kaugaliang pilipino at ang kabataan ngayon patungo sa programang edukasyon sa pagpapakatao. International Journal of Research Studies in Education, 10 (4), pp. 111-120. https://consortiacademia.org/wpcontent/uploads/2020/v10i4/627_ijrse_final.pdf*
6. *Nibalvos, I. (2018). An mga siday han mga Samarnon ug Leytenhon: Identidad, kasaysayan, mga isyu at kalagayan nito sa kasalukuyan. Malay, 31(1), https://ejournals.ph/article.php?id=14200*
7. *Tolibas, N. (2014). Pagsusuri sa tema at konsepto ng mga piling awitin. Di-nailathalang tesis. Southern Leyte State University-College of Teacher Education. Tomas.Oppus, Southern Leyte.*